
## ‘FARM TOURISM’ PALALAKASIN NG DA, DO P3




## P20/kg bigas mabibili na sa Bulacan P6

Luzon Visayas Mindanao
'SAKTO BALITA
“Hindi nabubusalan ang katotohanan.” – Plaridel
TAON XV BLG. 117 *P15* HUNYO 01, 2025 LINGGO



# ROQUE: ASYLUM MALABO P2

## Kaso ng Duterte Youth Party-list ‘di madaling resolbahin P2




# KABIT ITINUMBA NG PARAK P2

## Negosyanteng LGBTQ, binaril, patay P3



# GERALD, JULIA SPLIT NA P4



## Ignacio sa P1.4-B land deal: Wala akong kinita rito P3

## MALACAÑANG DEDMA SA BANAT NG MGA KRITIKO P3

# Cardinal Tagle itinalaga bilang titular bishop ng Albano

**Itinalaga ni Pope Leo XIV si Cardinal Luis Antonio Tagle bilang bagong titular bishop ng Suburbicarian Diocese of Albano sa Italy, ayon sa Vatican noong Sabado, Mayo 24.**



"The Holy Father has assigned the Title of the Suburbicarian Church of Albano to His Eminence Cardinal Luis Antonio G. Tagle, pro-prefect of the Dicastery for Evangelization in the Section for First Evangelization and the new particular Churches," saad sa appointment sa Holy See Press Office.

Bago mahalal bilang Santo Papa, si Pope Leo XIV mismo ang humawak ng naturang posisyon.

Ayon sa Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) News, ang Diocese of Albano na matatagpuan sa labas lang ng Roma ay isa sa pitong suburbicarian diocese na historikal na konektado sa mga cardinal bishop, ang pinakamataas na ranggo sa College of Cardinals.

# Bato hinamon na maglabas ng ebidensiya

**Hinamon ng Malacañang si Senador Ronald "Bato" dela Rosa na maglabas ng ebidensiya kaugnay sa bintang nito na tinatakot umano ng mga imbestigador ng International Criminal Court (ICC) ang mga retiradong pulis upang tumestigo laban sa kanila ni dating Pangulong Rodrigo Duterte kaugnay sa kasong crimes against humanity.**

Sinabi ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro na kung may batayan ang bintang ni Dela Rosa ay dapat na pagawan niya ng affidavit ang mga retiradong pulis na umano'y pinilit at tinakot ng ICC investigators upang tumestigo laban sa kanila ng dating Presidente.

Dapat aniyang linawin din ni Senador Bato kung anong klaseng pamimilit ang ginawa umano ng ICC investigators sa mg dating pulis upang tumestigo sa kasong crimes against humanity ng dating Presidente.

"Tingin ko dapat munang magpakita siya ng ebidensiya kasi hinahanapan siya ng pictures eh," ani Castro.

Kung mayroong cctv footage aniya na magpapatunay sa bintang niya ay mas mainam upang mapatunayan kung totoo ang bintang ng senador.

Kasabay ito nilinaw ni Castro na hindi siya nagsasalita para sa ICC, at nais lamang ng Palasyo na patunayan ng senador ang paratang nitona tinatakot ang mga dating pulis na nakaalam umano is sa war on drugs ng Durerte administration.

"Ang dali gumawa ng kuwento . So kung meron siyang kuwento na napipilit mga pulis eh di pagawa siya ng affidavit na may mga ICC ditong pinipilit silang mag-testify," dagdag ni Castro.

Si General bato ay kasama sa kinasuhan sa ICC kaugnay sa war on drugs ng Duterte administrsation kung saan siya noon ang nakaupong hepe ng Philippine National Police.

# ROQUE: ASYLUM MALABO

**Malabo umanong pagbigyan ang asylum request ni Atty. Harry Roque, sinabi ni Justice Secretary Jesus Crispin Remulla sa panayam ng media, Lunes, May 26.**

"I doubt it kasi Netherlands is one of the countries that goes against human trafficking, which is the charge against Harry Roque," sabi ni Remulla.

Ayon kay Remulla, kanila na rin ipinakansela sa Department of Foreign Affairs (DFA)ang pasaporte ni Roque.

Ayon pa sa kanya, maglilimita ito sa mga opsyon ni Roque.



"I think he holds 2 to 3 passports pa nga. May nagsabi sa akin ng ganun. Ang mahalaga talagang mapilitan siyang mag-account sa kanyang mga ginawa dito ang dipensahan niya ang sarili niya," ani Remulla.

"Hindi pa nga nagsisimula ang lahat tinatakasan niya na. Sa batas natin, flight is an indication of guilt. Kaya sana harapan niya na lang para maging madali ang lahat para sa ating bansa," dagdag pa ni Remulla.

Nahaharap si Roque sa mga kasong qualified human trafficking at regular human trafficking kaugnay ng ni-raid na POGO hub na Lucky South 99 sa Porac, Pampanga.

# KABIT ITINUMBA NG PARAK

**Patay ang isang negosyanteng babae na pinagbabaril ng isang diumano ka-relasyong pulis habang nasa loob ng isang pick-up truck na nakaparada sa tapat ng isang restaurant sa Barangay 13-B sa Davao City nitong gabi ng Linggo, March 25, 2025.**

Sa ulat nitong Lunes ng Davao City Police Office, batay sa salaysay ng mga saksi, nilapitan ng salarin ang biktima habang nakaupo sa loob ng kanyang sasakyan at walang habas na pinagbabaril.

Nadeklarang dead-on-arrival ang biktima ng pamamaril sa Southern Philippines Medical Center sa Davao City kung saan isinugod ito upang malapatan sana ng lunas.



Mabilis na nakatakas ang may-asawang pulis na bumaril sa kanyang diumano kalaguyo, ngunit nasukol din sa isang lugar sa Davao City ng mga kapwa niya pulis sa pursuit operation na naisagawa sa tulong ng mga saksi sa pangyayari.

Kinumpirma ng mga kakilala ng naka-detine ng pulis at ng kanyang napaslang na ka-relasyon na matagal na silang may tagong ugnayan at naging madalas ang kanilang mga away bago naganap ang insidente.

# Co-accused nina Roque, Cassandra nalambat

**Naaresto ng mga Criminal Investigation and Detention Group (CIDG) ang isa sa mga kapwa akusado ni dating presidential spokesperson Harry Roque at Cassandra Ong sa qualified Trafficking in person sa isinagawang operation sa Mabalacat City, Pampanga.**

Kinilala ni MGen Nicolas Torre III Director CIDG, ang naarestong suspek sa alias Marlon ng mga pinagsanib na elemento ng CIDG Regional Field Unit 3, Special Operation, CIDG Pampanga Provincial Field Unit at Mabalact City Police sa Brgy. Tabum, Mabalact City, Pampanga.

Inaresto siMarlon ng mga operatiba base sa warrant of Arrest sa kasong Qualified Trafficking in Persons (Violation of Republic Act 9208 as amended), Violation of Section 4 (i) in relation to Section 6 (c) of RA No. 9208 as amended) na ipinalabas ng Regional Trial Court Branch 118, Angeles City, Pampanga. Walang ipinagkaloob na piyansa ang korte.

Nabatid na si Marlon ang operation officer ng Security Agency habang naganap ang "human trafficking in person" sa operasyon ng Lucky South 99 Outsourcing Inc. ng Philippine Offshore Gaming Operation (POGO) na nag-o-operate sa Grand Palazzo Royal , Fil-Am Friendship Hi-way, Brgy. Cutcut, Porac, Pampanga.

Sinabi ni Torre na mayroon pang 10 counts na warrant of arrest ang suspek sa kasong Qualified Trafficking in person (Violation of Republic Act 9208 as amended), Violation of Section 4 (i) in relation to Section 6 (c) of RA No. 9208 as amended) ipinalabas ng Regional Trial Court Branch 118, Angeles City, Pampanga at walang inirekomenda piyansa.

"This underscores our unrelenting effort in pursuing and putting behind bars wanted persons and fugitives with end goal of helping the victims attain the justice they deserved. This is the 1st of the 51."

Hinikayat naman ni Torre ang may 50 co-accused na kusang sumuko sa mga otoridad at harapin ang kanilang kaso dahil patuloy ang isinagawang 24/7 manhunt operation ng binuo "tracker team".

Si Roque, Cassandra Ong sinampahan ng kasong "qualified trafficking in person" kaugnay ng iligal na aktibidades ng POGO hub lucky South 99.

Mariin naman itinatangi ni Roque na hindi umano siya naging legal counsel ng Lucky South 99 o anoma Illegal na POGO.

# Kaso ng Duterte Youth Party-list 'di madaling resolbahin

**Ipinahayag ng Commission on Elections (Comelec) na hindi magiging madali ang kapalaran ng Duterte Youth Party-list sa kabila ng pagkapanalo nito sa 2025 midterm elections, bunsod ng patuloy na nakabinbing kaso laban dito.**

Ayon kay Comelec Chairman George Erwin Garcia sa pahayag noong Mayo 23, bagama't ibinasura na ng komisyon ang disqualification case laban sa Bagong Henerasyon (BH) Party-list, nananatiling suspendido ang proklamasyon ng Duterte Youth habang hinihintay ang desisyon ng Comelec sa kanilang kaso.

Ang BH at Duterte Youth ay kapwa nanalo sa party-list race ngunit hindi pa mapoproklama dahil sa kani-kanilang legal na isyu.

Matatandaang noong Setyembre 2019, isang grupo ng mga lider-kabataan ang naghain ng petisyon upang ipawalang-bisa ang registration ng Duterte Youth, dahil umano sa maling representasyon nito sa sektor ng kabataan.

Pinanindigan ni Duterte Youth Chairman Ronald Cardema—na dating kinatawan ng grupo sa Kamara bago kanselahin ang kanyang nominasyon—na dalawang beses nang pinahintulutang maupo sa Kongreso ang kanilang party-list noong 18th at 19th Congress. Dahil dito, iginiit niyang walang dahilan upang suspindihin ang kanilang proklamasyon para sa nalalapit na 20th Congress.

Ipinaliwanag naman ni Garcia na kaagad na naresolba ang kaso ng BH dahil ito ay teknikal lamang. Samantalang ang kaso ng Duterte Youth ay mas malalim at nangangailangan ng masusing pag-aaral ng mga isyu kaugnay ng representasyon.

# Ignacio sa P1.4-B land deal: Wala akong kinita rito

**Itinanggi ni dating Overseas Workers Welfare Association (OWWA) administrator Arnell Ignacio ang mga alegasyon ng anomalya sa P1.4-bilyong land deal ng ahensya.**

Ayon sa kanya, dumaan ito sa OWWA board at sinuri ng mga technical working group.

“Ito po ay dinala namin sa board bilang report ng OWWA, at binusisi ng ilang technical working group na binuo din ng ating chairman Secretary Hans Cacdac na kaibigan ko… Walang nakitang iniliban na hakbang,” aniya pa.



“Lahat ng mga requirements sinunod at sinabing maayos ang aming pagkakasunod sa RA 10752… kaya ako gulat na gulat na tinawag itong anomalous deal,” dagdag pa niya.

Iginiit niyang wala siyang kinita sa transaksyon.

“Napakabigat. Pagkatapos, napakaraming alegasyon sa akin. Saan nanggaling? Sa isang papel na walang nakapirma? Na andami daming sinabi na kinita ko? Pati nga yung numero, di na nga magkasundo kung magkano. Wala po akong kinita dito,” giit pa ni Ignacio.

Ang lupa ay 6,499 sqm malapit sa NAIA Terminal 1 at planong gawing halfway house para sa mga OFW.

Ayon kay Ignacio, LandBank ang nagtakda ng halaga nito.

“As our government financial institution, it's the LandBank who assessed the value, and it is exactly the amount that OWWA paid. At sana man lang, binigyan ako ng pagkakataong makausap. Nagulat na nga lang po ako na isang araw, pinatawag ako na ako ay papalitan… ‘Yun po ang nangyari dito, di ko po ito itinago. Ito pong ganitong kagandang transaksyon, bakit namin itatago ito?” dagdag pa ni Ignacio.

Labis daw siyang nagulat sa kanyang biglaang pagkasibak at umaasang magagamit pa rin ang lupa para sa mga benepisyaryo ng OWWA.

# ‘Farm tourism’ palalakasin ng DA, DO

**Nakipag-ugnayan ang Department of Agriculture (DA) at Department of Tourism (DOT) upang isulong ang “food and farm tourism” sa bansa.**

Layon ng inisyatibang ito na makahatak ng mas maraming dayuhang turista, pasiglahin ang lokal na turismo, at suportahan ang layunin ni Pangulong Marcos Jr. na buhayin ang mga ekonomiyang rural at lumikha ng trabaho sa kanayunan.

Ayon kay Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr., may pondo para sa mga proyektong tulad ng organic farming, livestock, aquaculture, at mga pasilidad gaya ng farm-to-market roads at cold storage.

Binanggit din niya ang pondo para sa rehabilitasyon ng Banaue Rice Terraces. Inilahad naman ni DOT Secretary Christina Frasco ang apat na pangunahing haligi ng ugnayan: gastronomy tourism, pagpapalawak ng farm tourism, pagpapabuti ng imprastraktura at konektividad, at pagpapalakas ng local supply chains.



Bubuo ng technical working group upang magsumite ng roadmap sa loob ng anim na buwan, na magsisimula sa mga pilot areas tulad ng Bohol, Iloilo, at Benguet.

Pinagsamang kontribusyon ng agrikultura at turismo ay nasa halos 30% ng kabuuang employment sa bansa.

# Malacañang dedma sa banat ng mga kritiko

**Hindi pinatulan ng Malacañang ang mga patutsada ng mga anti-Marcos group na papunta na sa impiyerno ang bansa matapos pinagsumite ng courtesy resignation ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang kanyang mga gabinete.**

Kasunod ito ng naging pahayag nina Atty. Vic Rodriguez at Atty. Harry Roque na ang Pangulo umano ang problema at hindi ang kanyang mga gabinete kaya mag-resign na lamang umano ito at ipaubaya kay VP Sara ang puwesto.

Sinabi ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro na ang katulad ni Rodriguez ay inihalintulad ni Executive Secretary Lucas Bersamin sa isang aso sa gabi na nag-iingay lang at hindi dapat na patulan.




Self-serving din aniya ang pahayag ni Roque dahil kung nag-resign ang Pangulo at uupo si VP Sara ay malamang lahat ng kaso nito ay mawawala.

“‘Pag si VP Sara ang uupo, ano ang mangyayari? Siyempre malamang, lahat ng kaso ni Atty. Harry Roque mawala na. Hindi ko sinasabing ganoon ang mangyayari pero puwede, kaya nila inaangat. So napaka-self serving ito at ito ‘yung sinasabi nating obstructionists,” ani Castro.

Wala na aniyang ginawa ang mga kritiko ni Pangulong Marcos Jr. kundi manira sa Pangulo at manira sa ginagawa ng gobyerno kaya hindi dapat na paniwalaan ang mga ganitong tao dahil wala aniya silang katuturan.

“So ito ‘yung mga tao na hindi na dapat pinaniniwalaan dahil wala silang sense,” dagdag ni Castro.

# Comelec nilinaw ang ‘overvotes’ sa 2025

**Itinanggi ng Comelec na umabot ng 17 milyong botante ang nag-overvote o sumobra ang ibinotong kandidato nitong 2025 elections.**

“17 milyon ang overvotes pero votes po ‘yun, hindi po tao,” paliwanag ni Comelec Chairman George Garcia.

“Sa statistic po 17 milyon… may 12 senador doon sa 17 milyon na hindi nakinabang ng boto. So dapat po ‘yan 17 million divided by 12. Kasi po ‘yung 12 na ‘yun hindi nakakuha ng boto. So, 17 divided by 12, that's 1.3 million na mga kababayan po natin ay nag-overvote,” dagdag pa niya.

Saad pa ni Garcia, maliit na porsiyento lamang ang 1.3 milyon na overvote kung titingnan ang kabuuang bilang ng mga aktuwal na bumoto na umabot sa higit 57 milyon.Giit niya, hindi maiiwasan ang overvoting.

Kahit aniya sa nakalipas na mga botohan ay may isyu rin ng overvoting o sobrang pagboto ng mga botante.

# 3 opisyal ng bgy. pinatay sa flag ceremony

**Nasawi ang apat katao, kabilang ang Barangay Kapitan, dalawang Barangay Kagawad at salarin na dating isang barangay tanod nang pagbabarilin nito ang biktima habang isinasagawa ang flag-raising ceremony sa Barangay Salitran, Dasmarinas City Cavite nitong Lunes ng umaga.**



Isinugod sa magkakahiwalay na pagamutan ang mga biktimang sina Raul Ballos y Atarde, 56, elected Barangay Chairman; Jose Lagones y Era, 65, Brgy. Kagawad; Marvin Canete y Cabia, 54, Brgy Kagawad, pawang sa Barangay Salitran 3, Dasmarinas City, Cavite, subali't pawang idineklarang patay dahil sa tama ng bala sa katawan.

Malubha namang nasugatan si Christine Joseph Bonus, SK Secretary na kasalukuyang inoobserbahan pa sa ospital.

Kinilala naman ang salarin na si alyas Ariel, 50 dating Barangay Tanod na nasawi nang barilin ang sarili matapos ang insidente.

Sa ulat, 8:00 ng umaga nang maganap ang insidente sa loob ng Barangay Hall ng Brgy. Salitran 3, Dasmarinas City, Cavite kung saan abala ang mga opisyal sa flag raising ceremony nang lumapit ang salarin mula sa likurang bahagi at walang sabi-sabing namaril gamit ang hindi pa nabatid na kalibre ng baril.

Agad na isinugod sa pagamutan ang mga biktima kung saan dalawa sa kanila ang idineklarang dead on arrival habang namatay habang ginagamot ang isa pa.

Isinugod sa Paul Medical Center ang salarin subalit' idineklara din dead on arrival nang magbaril sa sarili.

Mariing kinundena ni PBGen Paul Kenneth T Lucas, CALABARZON Regional Director ang insidente ng pamamaril at nag-utos ito ng agaran at masusing imbestigasyon sa nangyaring krimen.Patuloy naman ang isinasagawang imbestigasyon sa kaso.

# Negosyanteng LGBTQ, binaril, patay

**Agad na namatay ang isang lalaking negosyante miyembro ng LGBTQ community ng barilin ng 11 beses sa Lemente Village sa Barangay Central sa Mati City, Davao Oriental nitong Linggo, ng gabi May 25, 2025.**

Kinumpirma nitong Lunes ng mga opisyal ng Mati City Police Station at ng Davao Oriental Provincial Police Office ang pagkasawi sa naturang insidente ng 29-anyos na si Niño Dagsoan Librea, residente ng Sitio Gemelina sa Barangay Don Salvador Lopez sa Mati City.

Ang napaslang na si Librea, isang negosyante at may teorya ang mga kinauukulan sa Mati City na posibleng pagnanakaw ang motibo ng naturang krimen dahil tinangay ng salarin ang kanyang bag na may lamang pera.

# 4 sugatan sa karambola ng 5 sasakyan

**Nasa apat na katao ang sugatan sa karambola ng limang sasakyan sa Bayombong, Nueva Vizcaya nitong Linggo ng umaga.**

Batay sa ulat, naganap ang insidente 8:30 ng umaga, na nagdulot ng pagsisikip ng trapiko sa kahabaan ng Maharlika Highway sa Barangay San Nicolas.

Ayon sa inisyal na imbestigasyon, bumangga ang isang pickup truck at isa pang sasakyan patungong Manila sa isang truck at isa pang sasakyan mula sa kabilang direksyon.Sangkot din sa insidente ang isang tricycle.

Agad dinala ang mga sugatan sa ospital habang gumugulong na ang imbestigasyon.

Luzon Visayas Mindanao
'SAKTO BALITA
"Hindi nabubusalan ang katotohanan." – Plaridel

SHOWBIZ

# GERALD, JULIA SPLIT NA

**Pinutakte si Gerald Anderson ng mga tanong kung break na ba sila ni Julia Barretto.**

Ito ay matapos mag-post ni Gerald sa Instagram ng mga larawan at video ng recent vacay niya kasama ang kanyang inang si Evangeline nitong May 23.

Sey ng mga netizen, napapadalas daw ang solo travel ng aktor na parang isang pahiwatig.

Tanong tuloy ng mga netizen, "Break na ba sila ni Julia?"

Ang huling post kasi ni Gerald na kasama si Julia ay noon pang March kung saan nag-birthday ride silang dalawa.

Wala pang reaksiyon ang JuRald sa intrigang ito sa kanilang relasyon.



# Bea Alonzo napamura, 40 years old pa raw ikakasal

**Dahil may bagong dyowa ngayon si Bea Alonzo, ang anak ng may-ari ng Puregold Supermarket, lumalabas ang isang vlog, kung saan hinuhulaan ng isang tarot card reader psychic kung kailan siya ikakasal.**

Nakaposte ito sa IG ni Alyssa Dela Cruz Duay at mapapanood na habang nasa resto sila ni Bea kasama ang komedyanang si Kakai Bautista, hinuhulaan ito ng psychic.

Makikitang nagtanong si Bea kung ikakasal pa ba siya? Sumagot naman ito ng after 7 years.

Napamura si Bea nang maisip nitong matanda na siya para ikasal. Malamang daw na 40 years old na siya ikasal.



Sabi naman ng reader, mauuna raw ang civil wedding bago ang kasalan sa church. Patago pa ang magiging civil ties nila ng kanyang mapapangasawa.

Magiging maganda raw ang marriage life nito dahil matured na mag-isip ang lalakeng makakatuluyan niya, at ang love nito sa kanya ay totoo.

Kung magpapakasal daw si Bea agad bago ang sinasabing after 7 years, maghihiwalay rin sila ng kanyang mapapangasawa.

Hindi sinagot ng tarot reader kung matanda na at puti na ang buhok ng mapapangasawa ni Bea, pero siguradong magiging maganda ang kanyang buhay may-asawa.

Kung iugnay sa estado ng love life ni Bea, malamang na ang businessman na dyowa nito ngayon ang posibleng mapangasawa ng aktres.

Tutuntong sa 38 years old si Bea ngayong October 17. Kaya dalawang taon o higit pa ang lilipas bago siya ikasal.

# Lala Sotto nag-resign na bilang MTRCB chief

**Pormal nang naghain ng kanyang courtesy resignation si Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) Chairperson Lala Sotto-Antonio.**

Isinumite ni Sotto-Antonio ang kanyang resignation noong Biyernes, Mayo 23 sa pamamagitan ng Office of the Executive Secretary Lucas Bersamin alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. para sa lahat ng miyembro ng gabinete at pinuno ng mga ahensiya na magsumite ng kanilang courtesy resignation.

Sa kanyang liham na natanggap ng Office of the President, ipinarating ni Sotto-Antonio ang kanyang pasasalamat sa pagkakataong makapaglingkod sa administrasyong Marcos Jr. at mamuno sa MTRCB.

"It has been a profound honor to serve in your administration and to lead the MTRCB in fulfilling its mandate of guiding and safeguarding the content consumed by the Filipino public," saad ni Sotto-Antonio.'

"I remain grateful for the opportunity to contribute to nation-building through this agency and for the trust you have placed in me during my tenure."

July 7, 2022 nang italaga si Sotto-Antonio ni President Marcos Jr.



# Pia Wurtzbach 'di nagpatalbog sa ganda ni Priyanka Chopra

**Hindi nagpakabog si Miss Universe 2015 Pia Wurtzbach kay Miss World 2000 Priyanka Chopra. Yes, nakasama ng misis ni Jeremy Jauncey ang misis ni Nick Jonas.**

Heto naman ang reaksyon ng mga netizen sa pagsasama ng dalawang sikat na former beauty queen.

"World-class beauties! So proud that you're one of them Queen P!



PHOTO COURTESY: FB/PHIVOLCS

Kung ganda, kaseksihan ang pag-uusapan, kaya talagang makipagbakbakan ni Pia, sa kahit na sinong sikat na celebrity, model, beauty queen sa buong mundo.

Nakasama nga ni Pia si Priyanka, pati na si Kim Ji Won sa event ng Bvlgari sa Italy.

At tuwang-tuwa nga ang mga supporter ni Pia, dahil ang ganda-ganda nga niya sa suot niyang kulay yellow na gown.

"Some relationships feel like color. Vivid, layered, and shifting with the light. Here in Taormina with my @bvlgari family, I'm reminded how different backgrounds can reflect something so beautifully shared.

"Each of them is brilliant, bringing their own hue, and together, it's pure Polychroma. Like the collection we witnessed today.

"Different cultures, different stories, different lenses but somehow, we reflect pieces of each other," sabi ni Pia.

Thank you for bringing out the best in you! Admirable and Inspiring!"

"Wow you're with Priyanka."

"I'm so happy for you Queen P."

"Her flawless actions matching with elegance is truly sophisticated. Kahit anong hairstyles bumabagay sa kanya. She doesn't need too much decoration on her to get attentions. So natural. The way she speaks and moves are not calculated. Pia and Jeremy both working hard separately while building their empire."

"In the company of world class personalities you shine in your own special way Pia just like the Polychroma collection pieces you're wearing are mesmerizing, magnetic, and breathtaking."

"I wanna show Ms. World… the Ms. Universe rather. Hahahaha!"

"Just here to see Miss World and Miss Universe, Priyanka and Pia."

"Yan ang Miss Universe ko! Sooo proud to be Pinoy."

## Chelsea Manalo agaw-pansin ang alindog sa Cannes Film Festival

**Agaw-pansin ang kagandahan ni Miss Universe Philippines 2024/Miss Universe Asia 2024 Chelsea**



**Manalo sa 78th Cannes Film Festival sa France.**

Ang bongga naman kasi ni Chelsea, na suot ang kulay yellow na bonggang gown, na gawa ni Michael Cinco, ha!

Bagamat nagkalat o sangkatutak din ang mga magagandang dilag mula sa iba't ibang panig ng mundo, hindi rin talaga nagpakabog si Chelsea, na lutang na lutang ang karisma.

"Walking the red carpet at Cannes still feels like a dream, one that I manifested, believed in, and held close to my heart. I've always trusted that everything happens for a reason, and this journey to France has proven just that.

"From dreaming about being here to now walking the carpet and being part of the @missuniverse this is more than I ever imagined.

"I'm deeply grateful to the incredible team who made this possible, flew me here, and helped me shine. Most of all, I walked this carpet carrying the love and support of everyone who has stood by me.

"This moment is for every Filipino who dared to dream, we made it!" sabi ni Chelsea.

Siyempre, pinasalamatan niya ang kanyang team tulad nina Michael Cinco, pati na sina @chonabacaoco, @joelstylst, @yutooa, @jewelmer.

## Coco Martin pinakamabenta pa rin sa primetime

**Hindi matapos-tapos ang pasasalamat at kaligayahan ni Coco Martin dahil sa tagumpay ng kanyang serye.**

Na kahit nga sinasabi na karamihan ay nakatutok na sa mga sikat na streaming app at doon nanonood ng mga palabas, hindi pa rin kayang kabugin ang serye ni Coco, ha!

Yes, gabi-gabi pa ring sinusubaybayan ng mga Pilipino ang maaaksyong bakbakan ni Tanggol sa 'FPJ's Batang Quiapo', matapos itong magtala ng 24.78% average na pinagsamang national TV rating noong Mayo 1 to 20 para manatiling most-watched teleserye sa bansa.

Ang Kapamilya teleserye nga ang nangungunang programa sa primetime matapos nitong magrehistro ng halos dobleng national TV rating kumpara sa 12.64% fused TV rating ng katapat na serye, mula sa parehong urban at rural homes, ayon sa datos ng Kantar Media.

Patuloy ang pamamayagpag ng 'FPJ's Batang Quiapo' sa national viewership charts mula noong umere ito noong 2023 sa Kapamilya Channel, A2Z, at TV5.



Bukod sa telebisyon, namamayagpag din ang serye sa online viewership. Para sa Mayo 1 hanggang Mayo 18, nakapagtala ito ng higit 100 million views para sa pinagsama-samang full episodes at highlights nito sa YouTube.

Kumpara ito sa 4 million views na nakuha ng katapat na serye para sa parehong panahon.

Patuloy na kinakapitan ng mga Pilipino ang pakikipagsapalaran ni Tanggol (Coco) sa mas pinalakas na maaaksyong engkwentro bilang ang nag-iisang tagapagmana ng kayamanan ng pamilya Montenegro. Lagi ngang trending sa social media ang mga eksena at karakter nito kung saan patok na patok sa mga manonood ang halo-halong emosyon, drama, at aksyon.



## Iskolar ni Alden Richards sa Visayas, pasado sa LET!

**Pinahanga na naman ni Alden Richards ang maraming netizen dahil hindi lang siya nakapagpatapos ng college kundi pumasa rin sa Licensure Examination for Teachers o LET ang isa sa mga scholar ng kanyang AR Foundation.**

Ibinida ng nasabing foundation sa kanilang post sa X ang larawan ni Justin Kays Modina mula sa Visayas State University.



Nakasaad sa caption ng larawan ni Modina na nakatoga, "With pride & joy, AR Foundation team celebrates a huge achievement — our scholar, Justin Kays Molina, has passed the Licensure Examination for Professional Teachers (Secondary)!

"Your hard work & perseverance have paid off – congratulations, Justin!"

Naka-tag sa post si Alden, na proud namang ibinahagi sa kanyang X post, na naka-love hand sign.

Inulan ng congratulations comments ang post kasabay rin ng pag-ungot ng ilang mga netizen na bigyan rin ng scholarship ang kanilang anak.

May isang netizen na nagpost sa comment ng larawan grade card ng dati nyang estudyante na mataas, at nakikiusap na pag-aralin ang nasabing bata.

Ilan naman ang nag-suggest na kausapin o i-message si Mama Ten, ang assistant ni Alden para direkta nitong maiparating sa huli ang request na scholarship.

## Maja Salvador pasabog ang alindog, kinabog mga calendar girl

**Sobrang pasabog ang photo shoot na pinasilip ni Maja Salvador sa launching ng kanyang bagong 'baby'.**

Eh kasi naman, naka-bikini, lantad na lantad ang hubog ng katawan, at seksing-seksi talaga, ha!

Sabi ko nga, parang may gusto kang patunayan, ha! Parang nanginis ka, na gusto mong ipagsigawan na, heto ako, super seksi pa rin, na kabog ko pa ang mga bata, dalaga, o walang mga anak, ha!

"Unedited `yon, ha! Hahahaha!" sabi ni Maja.

"Sabi nga nila, lagyan na lang ng alcohol, puwede na! Pang-calendar na. Hahahaha!" natatawang chika ni Maja.

Pero, bakit nga ba ganun ang pasabog niya?

"Eh kasi nga, Majeskin ang product ko, so kailangan ipakita na very confident ako sa sarili kong skin, even after giving birth, ha!

"So `yun ako, 'yun ang message nito, na this is me, the new Maja, na mas confident sa kanyang skin!

"Gusto kong ipakita sa lahat na kayang ma-achieve ng mga mommy ang ganitong body and skin," sabi pa rin ni Maja.

Gaano ba katagal na-achieve ang ganung kaseksing katawan, na parang hindi nga nagka-baby.

"Ay naku, kung magsasalita lang ang mga machine ni Doc Aivee, sasabihin nila na parang inaraw-araw ko talaga sila. Hahahaha!

"Pero seriously diet din talaga, food intake rin talaga. And then, sasabayan din ng exercise. Para hindi biglaan ang pagpayat. Si Rambo, ang asawa ko, binilhan din ako ng mga gym equipment, na kahit nasa bahay lang ako, nagti-treadmill ako, nagbubuhat. Kailangan din talagang mag-build ng muscles!" chika ni Maja.

So, gaano pa kalaki ang dapat niyang tanggalin sa katawan niya?

"Noong wedding ko, 110 pounds ako, eh ngayon 124 ako. Siguro ang feeling niyo kaya parang ang payat ko na, kasi bago ako mabuntis ito na ang weight ko.

"Noong buntis ako, 145 pounds din ako. Eh, 9 pounds si Maria noong pinanganak ko," kuwento pa rin ni Maja.

Anyway, naging emotional nga si Maja sa launching ng kanyang baby na 'Majeskin' na isang body care brand, in collaboration with business magnate Rhea Tan, the founder of Beautéderm Corporation.



'SAKTO BALITA
"Hindi nabubusalan ang katotohanan." – Plaridel



# P20/KG BIGAS MABIBILI NA SA BULACAN

**Mabibili na ang P20 kada kilo bigas sa ilalim ng programang "Benteng Bigas Meron Na!" sa Kadiwa Center sa San Ildefonso, Bulacan.**

Layunin nito na matulungan ang mga mahihirap tulad ng mga senior citizens, PWDs, solo parents, at benepisyaryo ng 4Ps.

Puwedeng bumili ng 5 hanggang 10 kilo araw-araw.




Bagamat dilaw ang kulay ng bigas, nagiging puti ito pag niluto at nananatiling masustansya.

Nakakatipid ang mga pamilya at nakakabili ng mas masustansyang pagkain.

Tiniyak ng Department of Agriculture ang sapat na suplay ng bigas sa pamamagitan ng direktang pagbili mula sa mga magsasaka.

# MBC, PCCI 'happy' sa pananatili ng economic team

**Welcome sa Makati Business Club (MBC) at Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) ang desisyon ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na panatilihin ang komposisyon ng kanyang economic team.**

Matatandaang sa press conference, sinabi ni Executive Secretary Lucas Bersamin na nagdesisyon ang Pangulo na manatili sa posisyon sina Trade Secretary Cristina Roque, Finance Secretary Ralph Recto, Economy Planning and Development Secretary Arsenio Balisacan, Budget Secretary Amenah Pangandaman at Special Assistant to the President for Investment and Economic Affairs Frederick Go.

"The Makati Business Club is relieved and satisfied that the Cabinet secretaries in the economic cluster have been retained. This strengthens the continuity and stability of economic policies and initiatives," pahayag ni MBC Executive Director Rafael Ongpin.

Sa kanilang panig sinabi naman ng PCCI na, "We welcome the retention of the members of the economic team of President Bongbong Marcos."

"They have been instrumental in the continued growth of the economy despite global economic whirlwinds. Their retention signals commitment to the continuity of reforms and stability in governance, and boosts confidence in the administration," dagdag pa nito.

# 3 arestado sa demolition sa Tondo

**Inaresto ang tatlong katao sa naganap na demolisyon sa Barangay 262 at 264 sa Mayhaligue Street, Tondo, Maynila .**


Bahagya namang nagkaroon ng tensyon sa pagitan ng mga demolition team at mga residente na ayaw pa rin lisanin ang kanilang mga tirahan.

Paliwanag ni Sheriff Raymundo Rojas ng Metropolitan Trial Court, pinaiiral nila ang humanitarian consideration dahil sa masamang panahon lalo na't nahihirapan makahanap ng matutuluyan ang mga residente.

Paliwanag ng sheriff na sa ilalim ng batas dapat itigil ang demolisyon kapag umuulan kaya naman pansamantala itong itinigil.

Sa kabila nito, desidido ang demolition team na ipatupad ang kautusan ng korte.

Bantay sarado naman ng mga residente ang



mga lagusan upang hindi makapasok ang mg demolition team at mga pulis na nakabantay din sa dalawang barangay.

Ayon kay Rojas, tagging Temporary Restraining Order o TRO lamang mula sa korte ang maaring makakapagpigil sa demolisyon na ilang taon na rin hindi naipapatupad.

Giit naman ng mga residente, gusto nilang makita ang kautusan o dokumento mula sa korte at magkukusang aalis pero mabigyan sana sila ng disenteng malilipatan.

# Cargo ship na lulan ng mga tripulanteng Pinoy, lumubog

**Lumubog ang isang liberian-flagged cargo ship na may kargang mga mapanganib na kemikal sa bahagi ng karagatan ng Kerala, India ayon sa ulat ng Indian Navy nitong Linggo.**

Lulan ng nasabing barko ang 24 na tripulante mula sa iba't ibang bansa kabilang ang Georgia, Russia, Ukraine, at Pilipinas na ligtas namang nasagip ng mga awtoridad.

Nabatid na ang naturang cargo ship o MSC ELSA 3 na may 184 metro ang haba ay naglalayag mula Vizhinjam patungong Kochi nang ito ay magpadala ng distress signal noong Sabado.

Natagpuan ang barko gamit ang mga eroplano ng Indian Navy sa 38 nautical miles southwest ng Kochi na nakalutang umano sa isang delikadong posisyon.

Sa isang pahayag sinabi ng Indian Ministry of defense, 640 containers ang sakay ng barko, kabilang ang 13 hazardous containers at iba pang 12 na may laman na calcium carbide, isang kemikal na ginagamit sa paggawa ng abono at bakal.

Karga rin ng lumubog na barko ang nasa 370 toneladang langis at fuel, ngunit ayon sa coast guard, wala pa namang naitatalang oil spill sa lugar.

Samantala, nakahanda na ang Indian Coast Guard para sa posibleng pollution response laban sa banta ng oil spill sa karagatan ng Kerala.

# Rookie cop binaril, patay

**Patay ang isang pulis nang pagbabarilin sa gilid ng National Highway sa Barangay Tunggol, Datu Montawal, Maguindanao del Sur, nitong Lunes ng umaga, Mayo 26, 2025.**



Kinilala ng Datu Montawal Municipal Police ang biktima na si Patrolman Jomar Kalantungan, taga Lumayong, Kayaga, Kabacan, Cotabato.Agad isinugod si Kalantungan sa pinakamalapit na pagamutan sa pag-asang maisalba pa ang kanyang buhay, ngunit idineklarang dead on arrival.

Mabilis na tumakas ang salarin matapos ang pamamaril.

Napag-apaman na nakatira si Kaluntungan sa kalapit na bayan ng Barangay Kayaga ni Kabacan sa lalawigan ng Cotabato, wala pang 10 kilometro sa hilaga ng Barangay Tunggol, kung saan ito pinatay.

Ayon sa police probers at intelligence agents ng Army units sa Datu Montawal at mga kalapit na bayan na hindi residente ng munisipyo ang salarin, na posibleng inupahan para pumatay sa biktima.

# Rider, kulong sa dalang pampasabog

**Kulong ang isang rider nang mabisto ang dalang pampasabog nang tangkain takasan ang mga pulis na nagsasagawa ng Oplan Sita sa Caloocan City, Lunes ng madaling araw.**

Sa ulat, nagsasagawa ang mga tauhan ng Caloocan City Police Station ng Oplan Sita sa Phase 1, Package 3, Barangay 176-A, Bagong Silang, nang parahin nila ang isang rider dahil walang suot na helmet 2:00 ng madaling araw.

Nang hingan ng kanyang driver's license, nagtangka itong tumakas at biglang pinahaharurot ang minamanehong motorsiklo subalit', kaagad naman siyang nahabol at napigilan ng mga pulis na dahilan ng pagkakaaresto nito.

Nakumpiska sa 45-anyos na rider na si alyas "Inggo" ang isang MK2 Hand Fragmentation Grenade, glass cutter, wire cutter/stripper, steel measuring tape, long nose pliers, flat screw, black bag back at gamit nitong Kawasaki Fury.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Article 151 of the Revised Penal Code (Resistance and Disobedience to a Person in Authority), RA 9516 (Illegal Possession of Explosives), at BP 881 (Omnibus Election Code of the Philippines).

# Kostumer 'di na nagbayad nag-demand pa ng sukli

**Viral ngayon sa social media ang isang babaeng customer na hindi na nagbayad, galit pa na nanghingi ng sukli.**

Ibinahagi ng street food stall owner ang video na nangyari malapit sa LRT Monumento.

Sa video na ibinahagi sa Facebook ni Ching Jer Lin, mapapanood ang mga kostumer na abalang kumakain sa harap ng street food stall.Makalipas ang ilang sandali, dumating ang naturang babae na nagsimula nang kumuha ng mga "tusok-tusok" tulad ng tokneneng.

Tuloy-tuloy lang siya sa pagkuha at pagkain ngunit nang matapos, imbes na magbayad ay nanghingi siya ng sukli.

Nagkunyari siyang galit para mapilitan ang vendor na suklian siya kahit hindi naman siya nagbayad.

"Modus dito sa tindahan ko sa Lrt monumento. Pa share ako mga bossing para makarating sa pamilya nya yung mga kalokohan nya. Walang binayad nanghingi pa ng sukli matindi pa non galit pa busog na may sukli pa," saad ng uploader.

# Japeth Aguilar 'Batman' ng Ginebra



**PINAPANGATAWANAN na ni Japeth Aguilar ang bagong role sa Ginebra sa 49th Philippine Basketball Association PH Cup elims.**

Bilang pinaka-senior sa team, inako na ng 38-year-old veteran center ang papel bilang lider ng crowd darlings.

Dati ay nasa anino siya ng ibang bigs. Ngayon ay alpha na si Japeth sa front court ng Gin Kings.

"He was, if I may say, the Robin to Greg (Slaughter) and the Robin to Christian," pagkukumpara ni coach Tim Cone nitong isang araw. "And now he is our Batman."

Muli ring pinatunayan ng 6-foot-9 center na kaya niyang bitbitin ang Gins sa dikdikang laro na nakataya ang panalo.

Noong Biyernes sa PhilSports Arena, ibinaon ni Aguilar ang last-second corner jumper para itulak ang Ginebra sa 101-99 win laban sa makulit na Blackwater.

Sa Pampanga noong May 10, solido rin ang performance niya laban sa twin towers ng Converge na sina Justine Baltazar at Justin Arana para balikatin ang Gins sa 85-66 panalo.

"Ako na 'yung pinaka-senior sa team," salo ni Japeth. "It got to start sa akin kasi ako na 'yung pinaka-senior."

Nasa unrestricted free agents list na rin ng team si LA Tenorio, napunta kay Aguilar ang baton bilang timon.

"Dati si LA 'yun. When LA was not there, it was Jared (Dillinger)," lahad ni Aguilar. "I just want to bring positivity like my body language, my reaction."

Laban sa Bossing, tumapos si Aguilar ng team-high 22 points mula 8 of 12 shooting sa field, 9 dito sa fourth para salagin ang fightback ng Blackwater.

Sa ikatlong sunod na panalo ay angat sa 5-2 ang Ginebra, nasa fourth spot.

## Scottie, Jinky Thompson winelcome pangatlong anak

**WALANG pagsidlan ng kaligayahan si Barangay Ginebra star guard Scottie Thompson matapos ipanganak ng kanyang** ber3 #TheThompsons," ayonsa Facebook at Instagram post ng former Most Valuable Player (MVP) ng PBA at Gilas Pilipinas



**misis na si Jinky ang pangatlo nilang anak, na isa na namang lalaki.**

"Our family just got a little more complete. Welcome to the world baby boy, Storm Atticus Serrano Thompson!□□□ #ThankYouLord #BabyBoyNum-

mainstay. Nagmamadaling pumunta sa Asian Hospital and Medical Center sa Alabang nitong Biyernes si Scottie pagkatapos ng panalo ng Ginebra kontra Blackwater sa ongoing PBA Season 49 Philippine Cup.

## Marie Judiel Nitura hinatak CSJL sa semis



**NANALASA si Marie Judiel Nitura ng 17 attack points para muling pabasakin ng Colegio De San Juan De Letran ang Jose Rizal University, 25-14, 25-20, 25-12, sa NCAA Season 100 Women's Volleyball Tournament second round eliminations nitong Linggo ng hapon sa Filoil Ecooil Arena.**

Tinagpas din ang Lady Bombers sa first round via 4-set, akyat ang Lady Knights 14-3 (win-loss) karta at kinapitan ang segunda. Higit sa lahat sinundan ang league leader, defending champion College of Saint Benilde (14-2) sa Final 4 na may twice-to-beat incentive.

Sumukli kay Nitura si Sheena Vanessa Sarie ng 13 pts., 5 receptions sa paghaltak sa biktima sa 3-15. Wa epek ang pitong puntos lang ni Nicole Deala para sa Kalentong-based squad.

Masaya si Oliver Almadro sa pagmartsa ng kanyang mga alipores sa semis, pero giniit na hindi pa rito natatapos ang misyon ng mga balibolista ng Intramuros.

"Happy for that feat na two years na nakaabot kami sa Final Four is a blessing. We thank the Lord for the opportunity to be in the Final 4, but of course hindi siya natatapos sa pagiging F4."

## 43rd PAL Manila Marathon News sa CCP Complex

**ASAHAN ang isang kalidad na karera sa ika-43 edisyon ng Philippine Airlines Manila Marathon ngayong Hunyo 22 sa CCP Complex. Masusubukan ang kakayahan ng mga mananakbong Filipino ng delegasyon ng mga banyagang nasa 80 ang bilang sa pagpapatuloy sa isa sa pinakamatanda at makasaysayang karera sa bansa.**

Lilimitahan ang mga kalahok sa 1,000 lang para sa lahat ng kategorya. Nakarehistro na ang may 300 katao na tatakbo sa 42.195 km at 300 na rin sa 21.1 km na may patakbo rin sa 10km at 5km - subalit oras na umabot ang kabuuan sa 1,000 ay isasara ang pagpapalista.

Maaaring mag-rehistro sa mga piling sangay ng Chris Sports sa SM North EDSA, MOA, Trinoma at Robinsons Manila. Ginaganap din ito online sa Race Roster.

Lahat na magtatapos ay gagawaran ng medalya at regalo mula sa mga sponsor. May t-shirt din para sa mga tatakbo ng Full Marathon at Half-Marathon.

Noong nakaraang taon ay nag-kampeon sina Richard Salano at Maricar Camacho



sa tampok na Marathon. Mas determinado ngayong magpakita ang mga bibisita sa pangunguna ng bumabalik na si Nasser Allali ng Pransiya na pumangalawa kay Salano.

Titingnan din kung mahihigitan ang pinakamabilis na Marathon sa Pilipinas na 2:14:27 na itinala ni Waldemar Cierpinski ng Silangang Alemanya noong pinakaunang edisyon ng karera noong 1982. Galing si Cierpinski sa dalawang gintong medalya sa Marathon noong Montreal 1976 Olympics at matagumpay na inulit ito sa Moscow 1980.

**Para sa karagdagang katanungan at impormasyon, bumisita sa www.manilamarathon.com.**

**(DANNY SIMON)**

Luzon Visayas Mindanao

'SAKTO BALITA

"Hindi nabubusalan ang katotohanan." – Plaridel

SPORTS

TAON XV Blg. 117 *** HUNYO 01, 2025 LINGGO

# GILAS PILIPINAS YOUTH, DINOMINA ANG VIETNAM




**Nagpakitang-gilas agad ang Gilas Pilipinas Youth sa pagbubukas ng kampanya nito sa FIBA U16 Asia Cup SEABA Qualifiers matapos tambakan ang Vietnam, 113-62, sa Bren Z. Guiao Convention Center sa Pampanga.**

Ito ang unang opisyal na laro ni PBA legend LA Tenorio bilang head coach ng national youth team.

Bagama't dikit ang laban sa unang quarter (29-20), tuluyan nang lumayo ang Gilas sa second quarter at nakapag tala ng 61-33 halftime lead at hindi na nagpahabol pa.

Pinangunahan ni Travis Pascual ang opensa ng Gilas na may ambag na 16 points, habang nagdoble-doble si Prince Cariño sa kanyang 16 points at 12 rebounds.

Nag ambag din ng 14 points si Jolo Pascual at 10 points naman mula kay Jhustin Hallare.

May 1-0 record na ngayon ang Pilipinas at susunod na haharapin ang Thailand bukas ng gabi sa parehong venue.

# Cliff Hodge balik sa Meralco Bolts




**MULING masusubok ang defending champion Meralco laban sa umaarangkadang NLEX sa second game ng PBA Season 49 Philippine Cup sa PhilSports Arena ngayong Linggo, Mayo 25.**

Kumakapit sa eighth spot sa standings ang Bolts sa 4-5 matapos sagasaaan ang Blackwater 103-85 noong Miyerkoles.

Inekisan naman ng Road Warriors ang fifth straight win nang ipagpag ang Converge 88-83 noon lang Biyernes. Inakbayan ng team ni coach Jong Uichico ang Magnolia sa tuktok.

Dinomina ng Bolts ang Bossing sa buong aspeto ng laro – rebounding, assists, fastbreak, bench scoring.

"Seems like we have two more games before the playoffs begin," ani coach Luigi Trillo. "It's nice to see the guys play together."

Bukod kina Chris Newsome, Bong Quinto, Aaron Black at Chris Banchero, nagpakita rin sina CJ Cansino, Raymar Jose, Brandon Bates at Alvin Pasaol.

Babalik na rin sa Bolts si Cliff Hodge mula one-game suspension dahil sa hard foul kay Zav Lucero ng Magnolia.

Malaking bagay si Hodge pang-depensa kina Robert Bolick, Javee Mocon, Anthony Semerad at Brandon Ramirez.

"Cliff's a warrior, first of all he apologized. I think if you see the replay binitawan niya at the last minute, right?" dagdag ni coach Luigi. "We just realized si Cliff kasi 'yung backbone namin sa depensa."

## World Slasher Cup semis sisiyapol uli

**PANIBAGONG 80 matchup na naman ang magsisiyapolan sa ikalawang araw ng semifinal round ng second edition ng 2025 World Slasher Cup 9-Cock Invitational Derby sa Smart Araneta Coliseum ngayong Linggo.**

Pukpukan ang mga mababangis na manok-panabong sa 3-cock semifinal round, tampok dito ang mga kalahok na naka-iskor na ng dalawa at isang puntos, ayon sa pagkakasunod, pagkalipas ng elimination round.

Ang mga magwawagi sa semifinals ay aabnte sa fourcock pre-finals sa Mayo 26 habang ang grand finals ay sisiyapol sa Mayo 27 kung saan ay kokoronahan ang bagong World Slasher Cup champion.

# JOAN DOGUNA, LADY PIRATES MABAGSIK KAHIT SIBAK NA

**MABALASIK pa ring naglaro si Joan Doguna kahit wala na silang pag-asang pumalo ng bola sa semifinals matapos akbayan ang Lyceum of the Philippines University (LPU) sa panalo kontra San Sebastian College-Recoletos (SSC-R) 23-25, 25-22, 25-22, 25-15 sa NCAA Season 100 women's volleyball tournament eliminations na nilaro sa San Andres Gym sa Manila, Sabado ng hapon.**

Tumikada si Doguna ng 17 attack points para tulungan ang Lady Pirates na ilista ang 8-8 karta at upuan ang pang-anim na silya sa team standings.

Kahit maipanalo ng Intramuros-based squad LPU ang huling dalawang natitirang laro ay hindi na rin sila makakahabol sa Top Four.Nagtala din si Angelica Cruz ng 16 markers mula sa 12 kills at apat na blocks habang bumakas sina Johna Denise Dolorito, Ashley Muchillas at Vanessa Yvone Martin ng 14, 12 at 11, ayon sa pagkakahilera, para sa Lyceum na makakasagupa sa Martes ang Arellano University bandang alas-2:30 ng hapon sa parehong lugar.




# BROOKE VAN SICKLE GAGAWARANG SEASON MVP

**AANIHIN ni Petro Gazz star Brooke Van Sickle pagsisikap buong taon, gagantimpalaan ng season Most Valuable Player sa Pilipinas Live 1st PVL Press Corps Awards Night 2025.**



Ang puwersa niya ang nagtulak sa tagumpay ng Angels sa 8th Premier Volleyball League All-Filipino Conference 2024-25, sorpresang sinipa sa finals ang Creamline upang angkinin ang pinakamataas na indibidwal na karangalan sa kaganapang ihahatid ng Arena Plus sa Mayo 28 sa Novotel Hotel sa Quezon City.

Ang 27-anyos na outside hitter ay isang matatag, puwersa para sa PG sa magkabilang dulo ng sahig, tumulong sa Angels na makalusot sa kumpetisyon hanggang sa trono at sa huli ay nalagot apat na korona ng Cool Smashers import-less conference na inoorganisa ng Sports Vision Magament Group, Inc.

Nanguna si Van Sickle sa botohan sa 227.6, 50% sa statistics, 30% sa media, at 20% team votes.

May 116.3 stats pt.s, 66.3 media votes, at 45 points mula sa mga coach at team captain – nilampasan ang Finals MVP duo nina Bernadeth Pons at Michele Gumabao ng Creamline.

Pumangalawa si Reinforced Conference MVP Pons sa 205.6 puntos, 122.8 statistical pts., 50.4 mula sa media, at 32.4 sa mga coach at team capt.

Si Invitationals MVP Gumabao ang ikatlo sa 151.4 mula sa 92.5 stats, 35.1 media, at 23.8 team.Ito ay isang season ng highs and lows para sa Petro Gazz.

Ang kanyang kahanga-hangang paglalaro ay nagtulak din kay Brooke na kabigin ang Best Outside Hitter sa parehong Reinforced at AFC, na tinapos ng pangalawang magkasunod na Conference MVP sa all-local conference.

Sa pagiging AFC MVP, pumangatlo si Van Sickle sa scoring sa 349 pts. – 296 na atake, 30 kill blocks, at nanguna sa liga sa 23 aces. Pinamunuan niya ang liga sa mga panalo ng serbisyo na may average na 0.38 ace bawat set at pumangalawa sa spiking sa kahanga-hangang 36.86% success rate.